Name: ______________________________________ Date: _____________________

Grade & Section: ______________________________

## FILIPINO 6

## GAMIT NG PANG-URI

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Piliin ang letra ng pinaka-angkop na sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang kambal na sina Lira at Lita ay _______________. Mahusay gumawa ng tula si Lira. Magaling namang magpinta si Lita. Marami ang natutuwa sa kanila.
   A. kapwa mabilis
   B. kapwa malikhain
   C. kapwa malusog
   D. kapwa matangkad

2. Masayang pumapasok sa paaralan ang mga kabataang nagmula sa Purok Pagkakaisa. Tuwing Sabado at Linggo ay sinisikap nilang maging makabuluhan ang kanilang araw sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga magulang. Ang mga bata sa Purok Pagkakaisa ay ____________.
   A. kapuri-puri B. maalalahanin C. nakakaaliw D. nakakainis
3. Ang iba't ibang laro sa kompyuter ang pinagkakaabalahan ng batang si Jet. Naging dahilan ito ng madalas niyang pagliban sa klase at pagkakaroon ng mababang marka. Si Jet ay isang __________ na bata.
   A. disiplinado B. mabait C. masipag D.tamad
4. Isa sa mga paboritong araw ni Andrea ay ang Araw ng Pasko. Bukod sa kaarawan ito ni Hesukristo, panahon din ito ng pagbibigayan. ___________ siyang nagbibigay ng regalo sa kaniyang mga mahal sa buhay.
   A. Buong-puso B. Kapus-palad C. Ngiting-aso D. Pusong-bato
5. ____________ ang mga nakuhang gulay at prutas nang mag-anak na Aguilar. Agad nila itong dinala sa pamilihan at itininda sa tamang halaga.
   A. Bulok B. Hinog C. Makunat D. Sariwang-sariwa
6. Lima ang anak ni Mang Jose. Naiwan ito sa kanya ng kaniyang asawang maagang namatay. __________ ang kaniyang ginagawa upang matustusan ang pag-aaral at pangangailangan nang mga ito.
   A. Anak pawis B. Balat-sibuyas C. Kayod-kalabaw D. Hampas-lupa
7. May sakit si Annie. Ang sabi ng kaniyang mga doktor ay sapat na pahinga, tamang pagkain, ehersisyo at regular na pag-inom ng gamot ang kailangan niya. Sinunod niya ang lahat ng ito. _____________ ang payo ng kaniyang doktor.
   A. Mabango B. Mabait C. Mabisa D. Matapang
8. Dilaw,pula at berde ang mga ilaw na simbolo ng batas trapiko. Mga kulay na kabisadong-kabisado na ni Jaja. Madalas niya itong makita sa tuwing siya ay pumapasok sa paaralan. Batid niya na ang mga ito ay nararapat lamang na sundin. Si Jaja ay ____________.
   A. maaalahanin B. mapitagan C. masipag D. masunurin
9. __________ ang mga anak ni Aling Zeny. Magagalang na pananalita ang maririnig mo sa kanila tuwi-tuwina. Maging ang pagmamano at paghalik sa kamay sa mga nakatatanda ay ginagawa din nila.
   A. Magagalang B. Masusungit C. Matatapang D. Matutulin
10. Ang *dengue* at *malaria* ay mga sakit na nagmumula sa kagat ng lamok. Ang mga sakit na ito ay nakamamatay. Ang sakit na dengue at malaria ay maituturing na ___.
   A. mabigat B. maganda C. mapanganib D. masarap

LIVEWORKSHEETS